



May Tanong o Handa Nang Magsimula?



<https://qrco.de/bfAPP1>

Tingnan ang Epekto*

Sa sumusunod na halimbawa, ang aplikante ay kwalipikado sa \$400,000 na Halaga ng Unang Mortgage Loan. Sila ay ginawaran ng \$215,000 bilang tulong upang matulungan silang makabili ng \$600,000 na bahay. Ang tulong na ito ay sapat na upang masakop ang paunang bayad at mga gastos sa pagsasara, upang walang kailangang kontribusyon mula sa bumibili ng bahay.

Maaaring magkaiba ang sitwasyon ng bawat aplikante. Mahalagang makipag-usap sa isang ReCoverCA HBA Lender para makita kung gaano karaming tulong ang maibibigay sa iyo.

Para sa *Layunin ng Pagbibigay Halimbawa Lamang (Makipagkita sa isang Lender para sa Mga Detalye)*

A. Presyo ng Pagbili	\$600,000
B. (-) Pinakamataas na Halaga sa Unang Mortgage Loan	\$400,000
C. Kailangang Paunang Bayad (a-b)	\$200,000
D. (+) Gastos sa Pagsasara	\$15,000
E. Kailangang pera para sa pagsasara (c+d)	\$215,000
F. (-) Pagdoble ng mga Benepisyo	\$0
G. Kinakailangang Halaga ng Grant (e-f)	\$215,000
H. Pinahihintulatang Pinakamataas na Halaga ng Grant (Mas mababa sa linyang G o \$350K)	\$215,000
I. Kinakailangang Kontribusyon ng Nanghihiram (e-h)	\$0



Tulong sa Mamimili ng Bahay

Para sa mga Sambahayang naapektuhan ng mga Wildfire sa California noong 2017

Hanggang **\$350,000**



* Ang brochure na ito, na naglalaman ng pangkalahatang impormasyon ng programa, ay hindi isang alok para sa pagpapalawig ng kredito o isang pangako na magpapahiram at maaaring magbago nang walang abiso. Ang kumpletong mga patakaran ng programa, mga aplikasyon ng pautang, mga rate ng interes at taunang mga rate ng porsyento (mga APR) ay makukuha sa pamamagitan ng mga ReCoverCA HBA Lender. Ang Programang Pantulong sa Mamimili ng Bahay ng ReCoverCA ay ibinibigay ng California Department of Housing and Community Development, na ginawang posible sa pamamagitan ng Community Development Block Grant - Disaster Recovery grant mula sa HUD, at pinamamahalaan ng Golden State Finance Authority (GSFA), isang pampublikong entidad at ahensya na naaayon sa batas.



Programang Pantulong sa Mamimili ng Bahay ng ReCoverCA

Sinusuportahan ng Programang Pantulong sa Mamimili ng Bahay ng ReCoverCA ang mga indibidwal at pamilya na mababa at katamtaman ang kita sa pagbili ng mga bahay sa California, partikular sa labas ng mga Sonang Mataas o Napakataas ang Dalas ng Sunog, sa pamamagitan ng pag-aalok ng **hanggang \$350,000 na tulong**. Ang tulong pinansyal na ito ay nakatutulong na tulungan ang agwat sa pagitan ng kung ano ang kayang bayaran ng isang sambahayan sa mga pagbabayad ng mortgage at ang aktuwal na halaga ng pagbili ng bahay. Ang tulong na pantulong ay **ganap na mapatatawad pagkatapos ng limang taon***, hindi kailangang unang pagkakataong bibili ng bahay at may perpektong kredito para maging kuwalipikado.

Ang mga aplikasyon mula sa mga naapektuhan ng mga Wildfire noong 2017 ay magbubukas sa Marso 17, 2025.

Mga Kwalipikadong Lugar

Maaari kang maging kwalipikado kung ang iyong pangunahing tirahan noong 2017 (bilang may-ari o umuupa) ay nasa Sona na Mataas o Napakataas ang Dalas ng Sunog sa loob ng mga kwalipikadong lugar na nakalista sa ibaba.

2017 Kwalipikadong mga County:

- County ng Sonoma
- County ng Ventura

2017 Kwalipikadong mga Zip Code:

- 95470 (Mendocino County)
- 95901 (Yuba County)
- 94558 (Napa County)
- 95422 (Lake County)
- 93108 (Santa Barbara County)

Kwalipikasyon ng Aplikante

- Ang mga limitasyon sa kita ng sambahayan ay dapat nasa mababa hanggang sa katamtamang kita, (80% ng median na kita ng lugar).
- Marka ng Kredito na 640 o mas mataas.
- Pinakamataas na ratio ng Utang-sa-Kita 45%.
- Dapat kumpletuhin ang 8-oras na kursong Online na Edukasyon sa Mamimili ng Bahay.
- Dapat bumili sa California sa labas ng Sonang Mataas o Napakataas ang Dalas ng Sunog.

Tulong sa Mamimili ng Bahay

Para sa mga Sambahayan na naapektuhan ng mga Wildfire sa California 2017

hanggang **\$350,000**



Ang Tulong ba ay Pinatatawad?

Ang tulong sa pagbili ng bahay ay ibinibigay sa anyo ng Pangalawang Mortgage Loan. Ito ay ganap na pinatatawad pagkatapos mapanatili ng bumibili ng bahay ang pagmamay-ari AT tirhan ang ari-arian sa loob ng limang taon.



Magkano ang Tulong na Maaari kong Makuha?

Tutulongan ng ReCoverCA HBA Lenders ang mga aplikante upang matukoy ang karapat-dapat sa kanilang tulong sa ilalim ng Programa. Ang halaga ng tulong ay nakabatay sa pagkakaiba sa pagitan ng kwalipikadong Unang Mortgage Loan ng aplikante (hindi lalampas sa 45% DTI) at ang mas mababang presyo ng pagbili o tinatayang halaga ng bahay na binibili.

Ang halaga ng tulong sa pagbili ng bahay ay maaaring mabawasan ng anumang hindi nagamit na tulong sa pabahay mula sa iba pang mga mapagkukunan at ng anumang mga reserbang pera ng aplikante na lumampas sa \$100,000. Ang pinakamataas na halaga ng tulong ay \$350,000 para sa bawat sambahayan.